Kumuha ka mula sa yaman niya ayon sa nakaugalian ng sasapat sa iyo at sasapat sa mga anak mo."}

Ayon kay `Ā'ishah na ina ng mga mananampalataya (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Pumasok si Hind bint `Utbah na maybahay ni Abū Sufyān sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagsabi ito: "O Sugo ni Allāh, tunay na si Abū Sufyān ay isang lalaking maramot. Hindi siya nagbibigay sa akin ng panggugol na sasapat sa akin at sasapat sa mga anak ko maliban sa kinuha ko mula sa yaman niya nang walang kaalaman niya. Kaya may kasalanan po ba sa akin doon? Kaya nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Kumuha ka mula sa yaman niya ayon sa nakaugalian ng sasapat sa iyo at sasapat sa mga anak mo."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Sumangguni si Hind bint `Utbah (malugod si Allāh dito) sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa asawa nitong si Abū Sufyān (malugod si Allāh doon) na iyon ay isang lalaking kuripot na masigasig sa yaman niyon, na hindi nagbibigay sa maybahay niya ng panggugol na sasapat dito at sasapat sa mga anak niya, maliban sa kinuha nito mula sa yaman niyon nang palihim habang iyon ay hindi nakaaalam. Kaya may kasalanan ba rito doon? Kaya nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Kumuha ka para sa iyo at para sa mga anak niya mula sa yaman niya ng halagang nalalaman sa kaugalian na iyon ang kasapatan, kahit pa man walang kaalaman niya."

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/2965